

---

# Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy

---

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ihayag ang medikal na impormasyong tungkol sa inyo at kung paano kayo makakakuha ng access sa impormasyong ito. *Pakibasa ito nang mabuti.*

## Pagprotekta sa Inyong Privacy

**Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy ng 'Ohana Health Plan**

**Abiso tungkol sa Privacy**

**Magsisimula sa: 07/01/2021**

## QUEST Integration Plan:

For help to translate or understand this, please call **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Interpreter services are provided at no cost to you.

如需翻譯或了解此資訊，請致電 **1-888-846-4262** (TTY: **711**)。我們提供免費的口譯服務。

Para a tulong iti panagipatarus wennu matarusan daytoy, tumawag ti **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Dagiti serbisyo ti interpreter ken datyuy nga awan bayadna.

이 문서를 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요하신 경우, **1-888-846-4262**(TTY: **711**)번으로 전화해 주십시오. 통역 서비스는 무료로 제공됩니다.

Para sa tulong na maisalin o maunawaan ito, tumawag sa **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Ibinibigay sa inyo nang walang bayad ang mga serbisyo ng tagasalin.

Để nhận trợ giúp phiên dịch hoặc hiểu được thông báo này, vui lòng gọi số **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Dịch vụ phiên dịch được cung cấp miễn phí cho quý vị.

## Community Care Services (CCS) Plan:

For help to translate or understand this, please call **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Interpreter services are provided at no cost to you.

如需翻譯或了解此資訊，請致電 **1-866-401-7540** (TTY: **711**)。我們提供免費的口譯服務。

Para a tulong iti panagipatarus wennu matarusan daytoy, tumawag ti **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Dagiti serbisyo ti interpreter ken datyuy nga awan bayadna.

이 문서를 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요하신 경우, **1-866-401-7540**(TTY: **711**)번으로 전화해 주십시오. 통역 서비스는 무료로 제공됩니다.

Para sa tulong na maisalin o maunawaan ito, tumawag sa **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Ibinibigay sa inyo nang walang bayad ang mga serbisyo ng tagasalin.

Để nhận trợ giúp phiên dịch hoặc hiểu được thông báo này, vui lòng gọi số **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Dịch vụ phiên dịch được cung cấp miễn phí cho quý vị.

Sa 'Ohana Health Plan, mahalaga sa amin ang inyong privacy. Gagawin namin ang lahat ng magagawa namin upang maprotektahan ang mga rekord ng inyong kalusugan. Pinoprotektahan namin ang inyong mga rekord sa pamamagitan ng pagbibigay lamang ng access sa ilang tauhan sa inyong impormasyon. Gumagamit kami ng mga password at firewall upang maprotektahan ang impormasyon sa mga computer at nilalagyan ng lock ang mga file cabinet upang maprotektahan ang mga papeles. Ayon sa batas, dapat naming protektahan ang mga rekord ng inyong kalusugan at padalhan kayo ng abisong ito.

Sinasabi sa inyo ng abisong ito kung paano namin ginagamit ang inyong mga rekord ng kalusugan. Inilalarawan nito kung kailan namin maaaring ibahagi sa iba ang inyong mga rekord. Ipinapaliwanag nito ang inyong mga karapatan tungkol sa paggamit ng mga rekord ng inyong kalusugan. Sinasabi rin nito sa inyo kung paano gagamitin ang mga karapatang iyon at kung sino ang maaaring makakita ng mga rekord ng inyong kalusugan. Hindi naaangkop ang abisong ito sa impormasyong hindi kumikilala sa inyo.

Kapag pinag-uusapan namin sa abisong ito ang tungkol sa mga rekord ng inyong kalusugan, kasama rito ang anumang impormasyon tungkol sa lahat ng inyong mga serbisyo sa kalusugan habang miyembro kayo ng 'Ohana. Kasama rito ang pagbibigay sa inyo ng pangangalaga ng kalusugan at kasama rin dito ang pagbabayad ng pangangalaga ng inyong kalusugan habang miyembro namin kayo.

**Pakitandaan:** *Makakatanggap din kayo ng Abiso tungkol sa Privacy mula sa Medicaid na nagsasaad ng kanilang mga patakaran para sa mga rekord ng inyong kalusugan. Maaaring may ibang mga patakaran ang ibang mga plan sa kalusugan at mga provider ng pangangalaga ng kalusugan kapag ginagamit o ibinabahagi ang mga rekord ng inyong kalusugan. Hinihiling namin sa inyong humingi ng kopya ng kanilang Mga Abiso tungkol sa Privacy at basahin nang maingat ang mga ito*

## **Paano namin Ginagamit o Ibinabahagi ang mga Rekord ng Inyong Kalusugan**

**Narito ang mga paraan na maaari naming gamitin o ibahagi ang mga rekord ng inyong kalusugan:**

- Para makatulong sa pagbabayad ng inyong mga pangmedikal na bayarin na ibinibigay sa amin ng mga provider ng pangangalaga ng kalusugan;
- Para tulungan ang inyong mga provider ng pangangalaga ng kalusugan na magbigay sa inyo ng tamang pangangalaga. Halimbawa, kung nasa ospital kayo, maaari naming ibigay sa kanila ang inyong mga rekord na ipinadala sa amin ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP);
- Para tumulong sa pamamahala ng pangangalaga ng inyong kalusugan. Halimbawa, maaari naming kausapin ang inyong PCP tungkol sa isang sakit o programa para bumuti ang kalusugan na makakatulong sa pagpapabuti ng inyong kalusugan;

- Para tumulong sa paglutas ng anumang mga apela o karaingan na isinampa ninyo o ng provider ng pangangalaga ng kalusugan sa 'Ohana o sa State ng Hawai'i;
- Para tumulong sa ibang tumutulong sa aming ibigay ang mga serbisyo sa inyong kalusugan. Hindi namin ibabahagi ang inyong mga rekord sa labas ng mga grupong ito maliban na lamang kung sumang-ayon silang protektahan ang inyong mga rekord;
- Para sa kalusugan ng publiko o mga pagsusumikap para tumulong sa sakuna;
- Para paalalahanan kayo kung mayroon kayong paparating na pagpapatingin sa isang PCP; at
- Para bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa iba pang mga paggamot at programa para sa pangangalaga ng kalusugan, tulad ng kung paano tumigil sa paninigarilyo o magbawas ng timbang.

**Maaaring hilingin sa amin ng mga batas ng state at pederal na ibigay ang mga rekord ng inyong kalusugan sa iba para sa mga sumusunod na dahilan:**

- Sa mga ahensiya ng state at pederal na nangangasiwa sa 'Ohana, tulad ng U.S. Department of Health and Human Services;
- Para sa mga aksyon sa kalusugan ng publiko. Halimbawa, maaaring kailanganing tingnan o subaybayan ng U.S. Food & Drug Administration (FDA) ang mga problema sa mga gamot at mga kagamitang pangmedikal;
- Sa mga grupo ng kalusugan ng publiko kung naniniwala kaming may seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng publiko;
- Sa isang ahensiya ng kalusugan para sa ilang aktibidad. Maaaring kasama rito ang mga pag-audit, inspeksyon at pagbibigay ng lisensya o mga pagpapatupad;
- Sa isang hukuman o pang-administratibong ahensiya;
- Sa nagpapatupad ng batas. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga rekord upang makilala o mahanap ang isang tao na isang suspek, pugante, mahalagang saksi o nawawalang tao;
- Sa isang tao na nagtatrabaho sa pamahalaan tungkol sa pang-aabuso ng bata, pagpapabaya o karahasan sa inyong tahanan;
- Sa coroner o medical examiner upang makilala ang namatay na tao o tumulong na malaman ang dahilan ng pagkamatay. Maaaring kailanganin ang mga ito ng isang tagapangasiwa ng punerarya upang tulungan silang isagawa ang kanilang mga tungkulin;
- Para sa mga layunin ng organ transplant;
- Para sa mga espesyal na tungkulin sa pamahalaan, tulad ng mga aktibidad ng militar at beterano, mga aktibidad para sa seguridad ng bansa at intelligence, at para tumulong sa pagprotekta ng Presidente at ng iba;
- Para sa mga pinsala na may kaugnayan sa trabaho dahil sa mga batas ng inyong state tungkol sa bayad-pinsala sa mga manggagawa;
- Kung hindi naaangkop ang isa sa mga dahilan na binanggit sa itaas, kailangan naming kumuha ng inyong nakasulat na pag-apruba sa paggamit o pagbabahagi sa iba ng mga rekord ng inyong kalusugan. Kung magbago ang isip ninyo, maaari ninyong bawiin ang inyong nakasulat na pag-apruba anumang oras, at

- Kung hindi pinahihintulutan o nililimitahan ng batas ang pagbabahagi ng impormasyon ng inyong kalusugan, susundin namin ang batas na pinakamagbibigay ng proteksyon sa impormasyon ng inyong kalusugan.

## Ano ang Inyong Mga Karapatan?

Ang mga sumusunod ay mga karapatan ninyo kaugnay sa mga rekord ng inyong kalusugan. Kung gusto ninyong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

Ang **mga miyembro ng QUEST Integration** ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-888-846-4262** (TTY: **711**).

Ang **mga miyembro ng Community Care Services (CCS)** ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-866-401-7540** (TTY: **711**).

- May karapatan kayong hilingin sa amin na ibigay lamang ang inyong mga rekord sa ilang tao o mga grupo at sabihin ang mga dahilan. May karapatan din kayong hilingin sa aming itigil ang pagbibigay ng inyong mga rekord sa mga kapamilya o sa ibang kabilang sa pangangalaga ng inyong kalusugan. Pakitandaan na habang sinusubukan naming sundin ang inyong mga ninanais, hindi kami pinahihintulutan ng batas na gawin ito;
- May karapatan kayong hilinging makakuha ng kumpidensyal na mga komunikasyon ng mga rekord ng inyong kalusugan. Halimbawa, kung naniniwala kayong mapapahamak kayo kung ipapadala namin ang inyong mga rekord sa kasalukuyan ninyong address para sa pagpapadala ng sulat, maaari ninyong hilingin sa aming ipadala sa ibang paraan ang mga rekord ng inyong kalusugan. Ang ibang mga paraan ay maaaring fax o alternatibong address, at
- May karapatan kayong makita at makakuha ng kopya ng lahat ng rekord na mayroon kami tungkol sa inyo sa inyong nakatalagang record set. Binubuo ito ng anumang bagay na ginagamit namin upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kalusugan ninyo. Kasama rito ang pagpapatala, pagbabayad, pagproseso ng mga claim at mga rekord ng pangmedikal na pamamahala.

**Wala kayong karapatang makakuha ng ilang uri ng mga rekord ng kalusugan. Maaaring kaming magpasyang huwag ibigay sa inyo ang mga sumusunod:**

- Impormasyong may mga tala tungkol sa paggamot ng sakit sa isip;
- Impormasyong kinolekta bilang makatwirang paghahanda sa, o para gamitin sa isang kaso sa hukuman o ibang legal na paglilitis;
- Impormasyong sumasailalim sa ilang pederal na batas na tungkol sa mga biyolohikal na produkto at mga klinikal na laboratoryo; at
- Sa ilang mga sitwasyon, maaaring hindi namin kayo payagang makakuha ng kopya ng mga rekord ng inyong kalusugan. Ipapaalam ito sa inyo sa pamamagitan ng sulat. Maaaring may karapatan kayong ipasuri ang aming aksyon.

May karapatan kayong hilingin sa aming gumawa ng mga pagbabago sa mga mali o hindi kumpletong rekord ng kalusugan na mayroon kami tungkol sa inyo. Ang mga pagbabagong ito ay kilala bilang mga pag-aamyenda. Ang anumang paghiling ng pag-aamyenda ay dapat nakasulat. Kailangan ninyong magbigay ng dahilan para sa inyong (mga) ipapabago. Sasagutin namin kayo sa sulat nang hindi lalampas sa 60 araw pagkatapos naming matanggap ang inyong kahilingan. Kung kailangan namin ng karagdang oras, maaaring abutin kami ng isa pang 30 araw. Ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa anumang pagkaantala at ang petsa kung kailan kami sasagot sa inyo.

Kung gagawin namin ang inyong mga binago, ipapaalam namin sa inyo kapag nagawa na ang mga ito. Ibibigay din namin ang mga binago ninyo sa ibang alam naming mayroong mga rekord ng inyong kalusugan at sa ibang tao na pipiliin ninyo. Kung pipiliin naming huwag gawin ang mga binago ninyo, ipapaalam namin sa inyo sa sulat kung bakit. Magkakaroon kayo ng karapatang magsumite ng sulat ng hindi pagsang-ayon sa amin. May karapatan kaming sagutin ang inyong sulat. May karapatan kayong hilinging ilagay sa mga rekord ng inyong kalusugan ang orihinal ninyong kahilingan para sa mga pagbabago, ang aming pagtangga at ang pangalawang sulat ninyo ng hindi pagsang-ayon sa amin para sa mga paghahayag sa hinaharap. May karapatan kayong makatanggap ng listahan ng mga paghahayag ng mga rekord ng inyong kalusugan sa iba sa loob ng anim na taon simula Enero 1, 2011. Ayon sa batas, hindi namin kayo kailangang bigyan ng listahan ng mga sumusunod:

- Mga rekord ng kalusugan na ibinigay o ginamit para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo ng pangangalaga ng kalusugan;
- Mga rekord ng kalusugan na ibinigay sa inyo o sa iba nang may nakasulat ninyong pag-apruba;
- Impormasyon na hindi mahalaga sa paggamit o paghahayag, maliban na lamang kung pinahintulutan;
- Mga rekord ng kalusugan na ibinigay sa mga taong kasama sa pangangalaga sa inyo o para sa iba pang mga layunin ng pagbibigay ng abiso;
- Mga rekord ng kalusugan na ginagamit para sa mga layunin ng seguridad ng bansa o intelligence;
- Mga rekord ng kalusugan na ibinigay sa mga bilangguan, pulis, FBI at iba pang nagpapatupad ng mga batas o mga ahensiyang namamahala sa kalusugan, o
- Mga rekord ng kalusugan na ibinigay o ginamit bilang bahagi ng limitadong data set para sa mga layunin ng pananaliksik, kalusugan ng publiko o mga pagpapatakbo ng pangangalaga ng kalusugan.

Para makatanggap ng listahan ng mga paghahayag, dapat nakasulat ang inyong kahilingan. Gagawa kami ng pagkilos sa inyong kahilingan sa loob ng 60 araw. Kung kailangan pa namin ng oras, maaaring abutin kami ng isa pang 30 araw. Sasabihin namin sa inyo ang tungkol sa anumang pagkaantala at ang petsa kung kailan kami sasagot sa inyo. Libre ang inyong unang listahan. Bibigyan namin kayo ng isang libreng listahan tuwing 12 buwan. Kung hihingi kayo ng isa pang listahan sa loob ng 12 buwan, maaari namin kayong singilin ng fee. Sasabihin namin kaagad sa inyo ang fee at bibigyan kayo ng pagkakataong bawiin ang inyong kahilingan.

## Gagamitin ang Inyong Mga Karapatan?

**May karapatan kayong makatanggap ng kopya ng abisong ito anumang oras. May karapatan kaming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito.** Ang anumang pagbabago sa aming mga kasanayan sa privacy ay gagamitin sa lahat ng rekord ng kalusugan na mayroon kami. Kung gagawa kami ng mga pagbabago, magpapadala kami sa inyo ng bagong abiso.

**Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa abisong ito o kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang mga rekord ng inyong kalusugan, mangyaring tumawag.**

**Ang mga miyembro ng QUEST Integration** ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Lunes hanggang Biyernes mula 7:45 a.m. hanggang 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time (HST).

**Ang mga miyembro ng Community Care Services (CCS)** ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa **1-866-401-7540** (TTY: **711**). 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

**Kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan sa privacy, maaari kayong gumawa ng sulat ng reklamo sa:**

‘Ohana Health Plan  
Attn: Privacy Official  
949 Kamokila Blvd, 3rd Floor, Suite 350  
Kapolei, HI 96707

**Kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan sa privacy, maaari kayong tumawag, magsampa ng reklamo sa online, o sa pamamagitan ng pagsulat ng reklamo sa:**

Secretary of the U.S. Department of Health & Human Services  
200 Independence Avenue, S.W.  
Washington, D.C. 20201  
Telepono: **1-800-368-1019** (TTY: **1-866-788-4989**)  
**[www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints)**